

Ang Anino Sa Bintana

SABADO. Bandang alas otso ng gabi ay kasalukuyan kaming nagdi-dinner na mag-asawa. Habang kumakain ay nagkukuwentuhan pa kami tungkol sa bago nitong trabaho. Habang sumusubo, napatingin si Joseph sa bintana. Nakita kong nahinto sa pagsubo ang asawa ko. Nanlaki ang mga mata at tila estatuwang napatitig sa labas ng bintana.

Nakaramdam ako ng matinding kilabot sa kaliwang bahagi ng braso ko na. Pagkatapos, gumapang na sa buong katawan ko. Tinanong ko ang asawa ko.

“Bakit, honey, ano’ng nakita mo?”

Hindi siya nakakibo, sa halip ay tinuro ang bintana.

Tiningnan ko ang tinuro niya. Wala akong nakita, pero napansin ko ang isang naka-hanger na T-shirt na gumagalaw, pero wala namang hangin. Mabilis kong binigyan ng tubig si Joseph nang mapansin kong putlang-putla siya. Agad siyang uminom at saka huminga nang malalim. Muli siyang tumingin sa bintana at nagsalita.

“Nakita ko sa bintana ang isang aninong pinapanood kang kumakain. Wala siyang mukha, pero may mga matang titig na titig sa iyo. Sobrang laki ng ulo niya at sa tingin ko lalaki siya,” kuwento ni Joseph.

Hindi ako nakakibo sa sinabi ng asawa ko.

“Nandiyan pa ba siya?” agad kong tanong.

“Wala na.”

Mayamaya pa ay kumuha ako ng platong puti, nilagyan ko ng kanin, ulam at isang basong tubig, saka ako lumabas at inialay ang hain sa puno ng chesa. Nagtirik ako ng tatlong puting kandila at nagsabing huwag na kaming gagambalain.

ALA UNA ng madaling araw bigla akong nagising dahil sa tindi ng lamig sa loob ng bahay. Tumayo ako. Eksaktong bubuksan ko ang pintuang upang pumunta sa CR nang may magsalita sa labas ng bintana. Napakunot-noo ako. Dahil hindi ko maintindihan ang narinig ko. Ibang lengguwahe ang dinig ko. Akmang bubuksan ko ang bintana nang—

“Huwag! Huwag mong bubuksan ang

bintana!” biglang sigaw ni Joseph.

Inilang hakbang ako ng asawa ko at niyakap ako nang mahigpit. Muli ay may nagsalita sa bintana, pero hindi ko pa rin maintindihan.

Nagkatinginan kaming mag-asawa. Mayamaya ay nakaamoy kami ng sari-saring bango ng bulaklak sa loob ng kuwarto namin. Katahimikan na ang namayani pagkatapos.

Hindi kami makatulog na mag-asawa kaya nagtungo na lang kami sa kusina at nagkape. Pasado alas tres na ng madaling araw at hindi na bumalik pa ang antok namin dahil sa naranasan.

“Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng sinabi noong anino?” untag ni Joseph sa akin. Tumingin ako sa kanya.

“Marahil ay nagpapasalamat siya sa ginawa ko kanina. Kaya tuwing Biyernes parati ko nang gagawing mag-aalay ako sa kanya kung sinuman siya.

Simula noon noon ay hindi na kami ginagambala ng mahiwagang ‘anino.’

Ang Lalaki Sa Ilog

BIRTHDAY ng aking pamangkin, si Devine. Kaya naman mag-a-alas-dose na ng gabi kami nakauwing mag-asawa. Nagkaroon ng kaunting inuman ang magpipinsan at mga kapatid ko.

Upang makarating kami agad sa aming tinitirhan, nagpasya si Joseph na dumaan kami sa ilog. Saglit akong tumingin dahil ayokong dumaan sa ilog ng hatinggabi. Pakiramdam ko kasi, maraming nakatagong kababalaghan ang ilog. Pero dahilan na rin sa walang masakyan at ang ilog na lang ang shortcut sa pag-uwi, pumayag na rin ako.

Habang naglalakad kami sa pagitan ng matataas at malapad na talahiban, kabado ako at may nararamdaman akong kilabot. Pero nanatili akong tahimik. Hindi ako nagpahalata sa asawa ko na may kakaiba akong nararandaman.

Nang tatawid na kami ng ilog, may narinig kaming maingay na pagpreno ng bisikleta sa may talahiban. Nagkatinginan kaming mag-asawa. Naramdaman kong hinawakan ako nang mahigpit ng asawa ko. Mula sa talahiban

lumitaw ang isang lalaki ,nakamaong na kupas, T-shirt na puti, nakasumbbrero, at may dalang bike.

Dumaan siya sa harap namin. Nagbigay kami ng daan. Pero ang pinagtataka ko kahit anong titig ko sa mukha niya, wala kong maaninag. Madilim ang mukha niya. Nakita kong pinasan niya ang bisikleta sa balikat niya at dahan-dahang tumawid sa ilog

Tinanggal ng asawa ko ang tsinelas niya at kinuha ko iyon sa kanya at saka niya ako pinasan sa kanyang likuran. Pero ganoon na lang ang gulat ko, wala na ang lalaki sa ilog! Nagsimula na akong kabahan.

Paglusong ng asawa ko ilog, nagsimula na akong magdasal. Napansin ng asawa kong biglang lumakas ang agos ng ilog at unti-unti iyong lumalalim.

Habang pasan ako ng asawa ko, ramdam ko ang munti-muntikan nang pagtangay sa amin ng agos ng ilog. Biglang umihip ang malamig na hangin habang umiingay ang ragasa ng ilog. Nilakasan ko ang aking pagdarasal ng Ama Namin.

Matiwasay kaming nakatawid at nakarating sa pampang ng ilog. Hindi muna ako ibinaba ng asawa ko. Pinasan niya ako hanggang sa nakarating kami sa posteng may ilaw.

Pero bago kami nakarating sa poste sa ay nakita ko ang lalaki nakalutang sa taas ng talahiban. Natitig sa amin.

Hindi ko na sinabi sa asawa ko ang nakita ko. Nakarating kami sa bahay na walang kibuan. Humingi ng kape si Joseph at saka nagkwento.

Iyon pala, noong habang tumatawid kami sa ilog, may naramdaman siyang dalawang kamay na humihila sa mga paa niya. Halos walang siyang makita sa aming dinaraan. Para daw may brownout sa kapaligiran. Tanging isang maliit na liwanag lang daw ang sinusundan niya pagkalubog ng kanyang mga paa sa pampang ng ilog.

Kaya nagulat siya nang tapikin ko ang kanyang balikat at sinabi kong nasa ligtas na kaming lugar. Napaiyak si Joseph sa sobrang takot na naramdaman.

Hanggang ngayon palaisipan sa asawa ko kung saan nanggaling ang liwanag na nagsilbing

daan niya patungo sa aming kaligtasan.

Kinalaunan, nalaman kong ang lalaking nakita namin sa tabing-ilog ay ang lalaking tinangay ng lahar, noong kasagsagan ng bagyo at malakas at maalon ang ilog.

Tuwing Alas Tres

NAGBAKASYON ako last summer sa Manibaug, Porac, Pampanga. Doon nakatira ang pinsan kong si Sabeth na nakapangasawa ng taga-Porac. Isang araw pa lang akong nagbabakasyon doon ay marami na akong naririnig na kuwento tungkol sa kinatitirikan ng bahay nina Sabeth. Dating tapunan umano ng basura at fetus ang bahay nila. Sa matandang kawayan raw inililibing ang mga fetus. Ang pinakahuling ibinaon ay isang fetus na magwawalong buwan na ang edad. Lahat ng mga kuwentong iyon ay dumaan lang sa dalawa kong tenga at sabay kibit-balikat lang ako.

Naalala ko, alas tres ng hapon habang ako nakadungaw sa bintana, nakita ko ang pinsan ko na may dalang isang malaking plato na may lamang kanin at isang buong lechong manok. Nakita kong inilapag niya iyon sa ilalim ng matandang kawayan. Napansin kong nagsalita ang pinsan ko. Ilang sandali pa ang lumipas, lumakad na siyang palayo sa kawayan.

Ewan ko, pero bigla akong nakaramdam ng kilabot at kaba sa aking nakita.

Kinagabihan, masaya kaming nagkukuwentuhan ng mga kamag-anak ni Noel, ang asawa ni Sabeth. Mayamaya, napansin kong tahimik lang na nakikinig sa amin ang pinsan ko.

“Insan, magkuwento ka naman,” baling ko sa kanya na tila may malalim na iniisip. Tumingin lang siya sa akin at ngumiti.

“Hindi ka pa ba inaantok?” tanong niya sa akin. Hindi niya pinansin ang biro ko.

“Medyo inaantok na,” sabi ko.

“Tara na, matulog ka na,” yaya niya sa akin, habang hila niya ang isang kamay ko. Matapos makapagpaalam sa mga hipag, biyenan at kamag-anak ni Noel ay sumunod na ako sa pinsan ko.

Matapos akong asikasuhin ni Sabeth ay nagpaalam siya sa akin. May kakaiba akong nararamdaman sa ikinikilos ng pinsan ko. Mas pinili ko na lamang manahimik.

Ilang sandali ay tahimik na ang buong kabahayan. Mayamaya pa ay nakatulog na ang lahat at ganoon na rin sana ang gagawin ko, pero bigla akong napabalikwas ng bangon nang

may maramdaman akong maliliit na kamay na humahaplos sa aking mukha. Dali-dali kong sinindiha ang ilaw sa kuwarto. Pero wala akong nakitang tao.

Napabuntong-hininga ako. Papungas-pungas akong lumapit sa nakabukas na bintana. Akmang babalik na ako sa kama nang nakarinig ako ng mga batang naglalaro sa ilalim ng matandang kawayan.

Tiningnan ko ang oras sa aking relo.

“Alas tres pa lang ng madaling araw? Paanong may naglalarong mga bata sa ganitong oras?” nagtatakang tanong ko sa aking sarili.

Mula sa kinatatayuan ko lumalakas ang ingay ng mga batang naglalaro sa kawayan. Kaya nagpasya akong lumabas ng bahay.

Habang palapit ako sa kawayan, dinig ko ang hagikgikan ng mga bata at sigawang, “Taya ka, Mildred!” Lalo akong nagmadali sa paglalakad. Tanaw ko na ang matandang kawayan, pero biglang naging tahimik ang paligid. Wala na ang mga batang maingay at nagtatawanan. Lumapit ako sa kawayan. Tanging iisang batang babae ang nakita kong umiiyak sa ilalim

ng kawayan.

Nilapitan ko siya.

“Bata, ano’ng ginagawa mo rito? Ganitong oras naglalaro ka rito?” Luminga ako sa paligid at muling tumingin sa bata. “Nasaan ang ibamong kalaro?” muling tanong ko. Nanatili akong nakayuko sa bata.

Tumingala sa akin ang bata. May mga luha siya sa magkabilang pisngi.

“Wala na sila. Mag-isa na naman ako. Gusto mo ba akong samahan?” yaya niya sa akin. “Tara sa bahay ko.” Tumayo ang bata at inilang hakbang ang kawayan. “Tara sa bahay ko,” muling sabi nito.

Akmang hahakbang ako upang sundan ang bata.

“Huwag! Huwag kang hahakbang, Ada!”

Ang malakas na sigaw sa akin ni Sabeth ang biglang gumising sa natutulog kong isipan. Hindi ko namalayan na nakasunod na pala siya sa akin.

Mabilis akong niyakap ni Sabeth at narinig ko ang malakas niyang dasal habang umiiyak.

Nakaramdam ako ng panginginig at kilabot sa buong katawan sa malakas na ihip ng malamig na hangin.

Lumakas ang hampas ng hangin sa mga kawayan, nililipad pataas ang mga tuyong dahon. Naririnig ko ang galit na binubulong ng hangin. Biglang lumuhod si Sabeth at sumigaw ng, “Patawad, anak!” Ilang sandali pa ay humupa ang hampas ng hangin sa matandang kawayan. Muling tumahimik ang paligid. Wala na ang bata na nasa kawayan. Tanging mga hikbi ni Sabeth ang naririnig ko. Tinabihan ko ang pinsan ko. Bagama’t may panginginig sa buong katawan ko, nanatili akong matatag at kalmado.

“S-sino si Mildred, Sabeth?” tanong ko sa nanginginig kong boses.

“S-siya ang anak ko. Pinatay nila at dito nila inilibing sa puno ng kawayan,” pahayag niya.

“Sinong sila?” kunot-noo kong tanong.

“Ang pamilya ni Noel. May pinainom sila sa akin noon. ‘Tapos bigla na lang sumakit ang tiyan ko, ‘tapos umagos ang dugo sa mga hita ko. Nawalan ako ng malay. Nang magising

ako, wala na ang anak ko. Sinabi nila sa aking nakunan daw ako at inilibing nila rito si Mildred.”

Hindi ako kumibo. Pero muli akong nagtanong.

“Siya ba ang dinalhan mo ng pagkain rito sa puno ng kawayan?”

Nakita ko ang pagkabigla sa mukha ni Sabeth. Mayamaya ay napangiti ito.

“Hindi si Mildred, sa mga kaibigan ng anak ko.”

Bigla akong kinilabutan at nanlamig nang makita ko ang mga ngiti ni Sabeth.

Mabilis na akong tumayo at humakbang papalayo sa lugar na iyon!

Muling nagsalita si Sabeth. “Sandali lang, Ada. Gusto mo ba silang makilala? Nasa tabi ko sila.”

Nanlaki ang ulo ko nang makita kong mga tiyanak ang nasa tabi at karga ni Sabeth! Nagsisigaw at nagtatakbo akong lumayo sa lugar na iyon at hindi na nagbalak pang magbakasyon sa bahay ng pinsan ko!

Makalipas ang isang taon, nabalitaan ko na

Scariest Pinoy Stories by Ada Manahan

lamang na bigla na lamang nawala si Sabeth. Wala raw nakakaalam kung saan nagpunta ang pinsan ko. Sa tuwing maaalala ko ang pangyayaring iyon, hindi ko pa rin maiwasang kilabutan at magtanong kung nasaan na si Sabeth?!